


製材業の安全衛生

Alamin sa Pagbasa ng Komiks

Health and Safety sa Industriya ng Lumber



Nilikha ang audiovisual material na ito upang turuan ang tungkol sa mga basikong konsepto ng kaligtasan at kalusugan sa lahat ng mga taong nagtatrabaho sa mga kumpanyang nasa industriya ng lumber.




Pag-aralan natin ang tungkol sa Health and Safety sa industriya ng lumber sa araw na ito!




Ang kahoy ay pamilyar na materyal na bahagi ng ating pamumuhay, 'di ba?

Oo nga, ano?



Ang industriya ng lumber ay ang trabaho kung saan nagpoproseso ng mga materyales para sa mga bahay, furniture, atbp.


Nitong kamakailan, napag-iisipan muli ng mga tao ang kagandahan ng mga natural na materyales.



Alam ba ninyo na nagkakaroon din ng mga work-related injury sa pinagtatrabahuhan ng pagawaan nito?

Huh?


Tingnan natin ang mga pangunahing dahilan ng mga work-related injury.





Sitwasyon ng kaso ng work-related injury

1	Pagkaipit/pagkahila	30%
2	Pagkahiwa/pagkiskis	20%
3	Pagbagsak/pagkahulog	12%
4	Pagtumba	9%
5	Pagtalsik/pagkalaglag	8%

Sanggunian: Japan Industrial Safety and Health Association
 "Data ng Analysis ng Work-Related Injury" Sitwasyon ng kaso ng work-related injury (2019)
 (ang percentage ng mga kaso ay batay sa percentage ng kabuuang bilang ng kaso (506 kaso) noong 2019)



Marami palang kaso tulad ng "Pagkaipit/pagkahila," "Pagkahiwa/pagkiskis," "Pagbagsak/pagkahulog"....



Susunod ay ang
"Pagkahiwa/pagkiskis."

Mayroong aktuwal na kaso kung saan
nahiwa ang kamay habang nagpuputol ng
kahoy gamit ang circular saw.

Mayroon ding mga kasong
nangyayari kung saan nahiwa ang
kamay ng manggagawa noong
tinangka niyang linisin ang wood waste
galing sa circular saw bench gamit ang
kanyang kamay nang hindi nakatigil
ang circular saw.

Kapag nasugatan
ka at di na makapagtrabaho,
mag-aalala ang iyong pamilya at
magkakaproblema ka rin sa
hanapbuhay...

Kung kaya mahalagang
matutunan ang ligtas na
paraan ng paggamit.

Kapag hahawak sa
circular saw blade, tiyakin
na lubos itong nakatigil.

Paano at kailan
nangyayari ang "Pagbagsak/
pagkahulog"?

Halimbawa,
habang nagsasagawa
ng maintenance ng
makina,

Mayroong aktuwal na kaso
kung saan nawalan ng balanse ang
manggagawa at nahulog siya
mula sa stepladder.

Ganoon pala...


Ngayon naman,





Tingnan natin

ang aktuwal na lugar
ng trabaho!

1

CASE 1





Ano bang ginagawa mo!



Napakaraming trabaho sa araw na ito,

Napakadelikado kung hindi naka-OFF ang power!

Pasensya na po!

at naisip kong hindi ko ito matapos kung nagpatuloy ang sitwasyon kaya nataranta ako...



Hm? May nangyari ba!?



Ganoon pala.

Bueno...Hindi ka ba nasugatan?

Hi-hindi po. OK lang po ako.

Ganoon ba, buti na lang.



Walang nangyaring masama sa pagkakataong ito, ngunit minsan, biglang gumagana ang makina.

Masusugatan ka nang malubha kung hindi ka mag-iingat.

Opo, pasensya na po...



Naiintidihan kong gusto mong matapos kaagad ang trabaho...

Pero kahit sa ganoong sitwasyon, may tuntunin na i-OFF ang power ng makina kapag lalapit dito.

Sa lahat ng oras, pinaka-importante ang buhay.



Sundin natin ang tuntunin at magtrabaho tayo nang ligtas, OK?


...Opo!

Aral #1: "I-OFF ang switch kapag lalapit sa makina."

CASE 2

Napakainit ngayong araw na ito,

kaya para hindi kayo magka-heatstroke, magtatrabaho kayo habang nagpapahinga nang salitan.




Huwag mag-atubiling ipaalarm sa akin kung sumama ang inyong pakiramdam.



Ang init...

Bawal kayang alisin ang guwantes?



Siguraduhing magsuot ng guwantes para sa trabaho sa araw na ito!



Hmm...pero OK lang siguro basta hindi maipit ang daliri ko.

Malapit na ang oras na magsalitan!



Hah!!

Naku! Masisita ako!





Ah!



Patay! Napunta ito sa loob ng makina...!

Hindi ko ito maabot mula rito...







Nasaktan ba kayo!?

Bakit nandiyan kayo...!?



Restricted area

Ano'ng nangyari!?

Anong ginagawa mo sa restricted area!?



Nahulog ko po kasi ang guwantes ko...

Noong tinangka ko itong kunin, biglang gumana ang conveyor at naipit ang daliri ko...!



Namamaga ito!

Bilisan nating pumunta sa ospital!



Pagkatapos ng ilang araw



Kumusta na ang nabali mong daliri?

Medyo masakit pa po...


Pasensya na at 'di kita napansin...



Hindi rin maganda ang hindi pagsuot ng protective equipment,

Kasalukuyang iniinspeksyon. Huwag i-ON ang switch

'Di ba nasa tuntunin na maglagay ng sign kapag itinigil ang makina?



Bukod dito, mapanganib pumasok sa restricted area kaya bawal pumasok doon.

Bawal pumasok

Bawal na bawal hawakan ang umiikot na bahagi ng conveyor.




Minsan nakakalimutang maglagay ng sign, kaya mapanganib magdesisyon nang mag-isa na buksan ang power ng makina.

Kumonsulta ka muna bago ito i-ON.

Opo...



Aral #2: "Ipaalam sa mga kasamahan kapag i-OFF ang power."

CASE 3



*Nag-iiba ang panahon ng pagpalit sa circular saw sa bawat workshop ayon sa materyal ng kahoy at dami ng trabaho.







Ah!


Waaahhhh!!



OK ka lang!?

Ipapaalam ko ito kaagad!!

Kailangan nating itigil ang pagdurugo at dalhin ka kaagad sa ospital!



Nagkaroon ka raw ng 5 tahi?

Opo....



Mapanganib kapag umiikot ang circular saw kahit na kaunti lang,

kaya kailangang huwag mataranta at tiyakin na nakahinto ito dahil kung hindi, magdudulot ito ng malalang sugat.

STOP!



Isa pa, kailangang sundin ang nakatakdang proseso ng trabaho!

Mapanganib ang wood waste ng circular saw kaya kailangang walisin ito gamit ang air gun o brush at hindi ang kamay.




Kung hindi ka naka-guwantes, baka mas malalang sugat pa ang natamo mo.



Mag-iingat po ako sa susunod...

Aral #3:
"Hawakan ang device pagkatapos tiyakin na lubos nang nakahinto ang makina.*"

*Mapanganib lalo na ang bahaging gumagalaw!



Mga puntong kailangang pag-ingatan sa industriya ng lumber



1 | I-OFF ang switch




I-OFF ang switch ng makina kapag aalisin ang mga woodchip at wood waste.

2 | Ipaalam sa mga kasamahan sa paligid



Kapag ihihinto ang makina upang lutasin ang problema, maglagay ng label dito.

3 | Tiyaking nakahinto ito




Bago simulan ang inspeksyon, tiyakin munang lubos na nakahinto ang makina.

4 | Huwag pumasok sa mapanganib na lugar




Huwag mag-trespass sa mapanganib na lugar.

Ang work-related injury ay hindi lamang nangyayari sa ibang tao. Ito ay problemang malapit sa inyo.




Gusto kong tandaan ninyo na ang pagsunod sa tuntunin ay para rin maprotektahan ang inyong “sarili,” “pamilya,” at “pamumuhay.”

Mahalaga rin ang araw-araw na komunikasyon sa pinagtatrabahuhan sakaling mayroong mangyari.



OK!

Mag-iingat ako sa work-related injury at magsisikap ako araw-araw!



Industriya ng Lumber

Mag-ingat din sa mga bagay na ito!

Hint para sa kaligtasan at kalusugan!



1 | Protective equipment/ protector




Punto
Siguraduhing magsuot ng naaangkop na protective equipment! Para sa mga detalye, sumangguni sa “Alamin sa Pagbasa ng Komiks: Basics ng Health and Safety at Pag-iwas sa Work-Related Injury.”

2 | Mag-ingat sa heatstroke




Punto
Mag-ingat sa heatstroke sa loob ng workshop at sa labas! Para sa mga detalye, sumangguni sa “Alamin sa Pagbasa ng Komiks: Basics ng Health and Safety at Pag-iwas sa Work-Related Injury.”

3 | Mag-ingat sa pagkahulog mula sa mataas na lugar



Punto
Mag-ingat kapag nagtatrabaho sa mataas na lugar gamit ang ladder o stepladder. Para sa mga detalye, sumangguni sa “Alamin sa Pagbasa ng Komiks: Basics ng Health and Safety at Pag-iwas sa Work-Related Injury.”

4 | Tiyakin na nakalagay ang safety device




Punto
Tiyakin na gumagana nang tama ang safety device!

Matuto gamit ang larawan


Alamin ang nakatagong panganib habang nagtatrabaho sa workshop!

Accident awareness training, Kiken Yochi Training (KYT)

Q Isipin natin kung saan may panganib!



A Dito ang mapanganib na punto!



1

Huwag ilagay ang mga kamay sa bulsa.



2

Huwag pumasok sa restricted area.



3

Lubos na isagawa ang 4S (Sorting, Setting in order, Shining, Standardizing)



Pag-isipan kung mayroong iba pang mapanganib na punto.

Alamin sa Pagbasa ng Komiks

Health and Safety sa Industriya ng Lumber

Inisyu Marso 2022

Tagalathala: Ministry of Health, Labour, and Welfare

Plano: Mizuho Research & Technologies, Ltd.


Kooperasyon: Working Development ng Materyales para sa Health and Safety

Education Kaugnay sa Industriya ng Kahoy at Pagmamanupaktura ng

Produktong Gawa sa Kahoy

Nilikha: Sideranch Inc.

Balangkas ng Industriya ng Kahoy





Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito
Ministry of Health, Labour, and Welfare
Labour Standards Bureau
Safety and Health Department
Safety Section